Pagkilala sa Panganib (Risk Acknowledgment) ng Magulang/Ligal na Tagapag-alaga

Nalimitahan ng kolektibong pagsisikap at sakripisyo ng mga residente ng San Francisco na manatili sa bahay ang pagkalat ng COVID-19. Pero patuloy ang transmisyon ng COVID-19 sa komunidad sa San Francisco, kabilang ang transmisyon sa pamamagitan ng mga indibidwal na nahawahan at nakakahawa, pero walang sintomas. Nakakahawa ang mga nahawahang tao nang 48 oras bago magkaroon ng mga sintomas ("pre-symptomatic"), at marami ang nakakahawa nang hindi kailanman nagkaroon ng mga sintomas ("asymptomatic"). Malamang na hindi alam ng mga pre-symptomatic at asymptomatic na tao na mayroon silang COVID-19.

Isang mahalagang hakbang sa pagbabalik ng mga aktibidad ang pagiging available ng childcare, summer camp, mga programang Out of School Time (OST), at mga paaralang TK-12. Gayunpaman, ang pagpapasya ng Opisyal ng Kalusugan na payagan ang childcare, summer camp, mga programang OST, at mga paaralang TK-12 sa mga pasilidad na sumusunod sa mga kinakailangang panuntunan sa kaligtasan, ay hindi nangangahulugang walang panganib ang pagdalo sa childcare, summer camp, mga programang OST, at/o mga paaralang TK-12. Kapag nag-enroll ang isang bata sa childcare, summer camp, mga programang OST, at/o mga paaralang TK-12, puwedeng tumaas ang panganib na mahawahan ang bata ng COVID-19. Bagama't bumubuti ang lagay ng karamihan ng mga batang nahawahan, marami pa ring kailangang malaman tungkol sa coronavirus sa mga bata, kabilang ang mula sa mga kamakailang ulat ng Multisystem Inflammatory Syndrome in Children (MIS-C).

Dapat ay matiyak ng bawat magulang o tagapangalaga sa kanilang mga sarili kung handa sila sa panganib ng pag-e-enroll ng kanilang anak sa childcare, summer camp, mga programang OST, at mga paaralang TK-12, kabilang ang kung kailangan nilang magsagawa ng mga karagdagang pag-iingat para protektahan ang kalusugan ng kanilang anak at ng iba pang taong kasama nila sa bahay. Dapat ay partikular nilang isaalang-alang ang mga panganib sa mga kasama sa bahay na mas nanganganib sa malubhang sakit na COVID-19. Posibleng gustuhing talakayin ng mga magulang at tagapangalaga ang mga panganib na ito at ang kanilang mga alalahanin sa kanilang pediatrician o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Makakakita ng karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19 at MIS-C sa website ng Centers for Disease Control and Prevention sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/. Tingnan ang sfcdcp.org/covid19hcp para sa listahan ng mga grupong mas nanganganib sa malubhang COVID-19

Nauunawaan ko ang mga panganib na nauugnay sa pag-e-enroll ng aking anak sa childcare, summer camp, mga programang OST, at/o mga paaralang TK-12, at sumasang-ayon akong ipagpalagay ang mga panganib sa aking anak at sa aking sambahayan. Sumasang-ayon din akong sumunod sa lahat ng pangkaligtasang pag-aatas na itinatakda ng childcare, summer camp, mga programang OST, at/o mga paaralang TK-12 bilang kundisyon ng pag-e-enroll ng aking anak.

_____ _____

Pirma ng Magulang/Ligal na Tagapag-alag Petsa

_____

Pangalan ng (mga) Anak

Risk Acknowledgement by Parent/Legal Guardian